Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG MARSO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | | Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| | ............... | Kagawad |

DI-DUMALO: Nasa Lakad Opisyal

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 117-T'2002*

*KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA 12 TRAFFIC AIDES NA ITINALAGA NG PAMAHALAANG BAYAN SA TANGGAPAN NG SANTA CRUZ TRAFFIC MANAGEMENT, IPANG MAKAPANGHULI NG MGA LUMALABAG SA BATAS-TRAPIKO SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* binibigyang pansin ng pamahalaang bayan ang maayos na pagpapatupad ng batas ukol sa trapiko sa bayang ito;

*SAPAGKA'T,* sa dami ng mga pribado at pampublikong sasakyang bumibiyahe sa bayang ito ay kinakailangan ang pagsuporta ng mga traffic aides upang ibayong maipatupad ang batas ukol sa trapiko sa bayang ito;

*SAPAGKA'T,* hindi sapat ang bilang ng mga tauhan ng pulisya sa bayang ito kaya't kulang din ang pulis na namamahala sa trapiko;

*SAPAGKA'T,* ang mga traffic aides ay sasanayin sa mga gawaing nauukol sa pamamahala ng trapiko;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, Bernardo E. Ison, Edgardo T. Porca at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na bigyan ng kapangyarihan ang 12 traffic aides na itinalaga ng pamahalaang bayan sa tanggapan ng Santa Cruz, Traffic Management, upang makapanghuli ng mga lumalabag sa Batas-Trapiko sa bayang ito na kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. Carlito G. Labaclado
2. Donaldo T. Fernando Jr.
3. Glenn J. Blanco
4. Enil L. Medina
5. Percival C. Arciaga
6. Lauro M. Rosel
7. Danilo P. Palinio Sr.
8. Jeriz M. Tan
9. Norverto C. Ching
10. Delfin M. Banaag
11. Richard N. Ramirez
12. Omar de Ramos

*INIUUTOS :* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Tanggapang Pantauhan, Kagawaran ng Pulisya at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

MARIA LUISA F. JOLO
Gumanap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMIN[redacted]ANGANIBAN
Punong Bayan

4/10